

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-20 ng Abril 2020

Ang susunod na Pang-araw-araw na Update ay sa Miyerkules, ika-22 ng Abril

Karagdagang labing-walong (18) swabs ay papunta na sa UK para sa pagsusuri ng COVID-19.

Isang batch ng animnapu't apat (64) na swabs ay naproseso na noong Biyernes, at wala ni isa sa kanila ang lumabas na positibo para sa COVID-19.

Ang lahat ng labing-isang (11) indibidwal na lumabas na positibo sa COVID-19 dito sa Falkland Islands ay nakapag-kumpleto na ng kanilang self-isolation o gamutan.

Sa kabuuan, tatlong-daan at labing-siyam (319) na samples na ang naipadala sa UK sa ngayon.

Tandaan: Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam at nakararanas ng sintomas tulad ng sa trankaso at ikaw ay nag-aalala na maaaring ikaw ay may COVID-19, tawagan ang ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG direktang pumunta sa KEMH.

PAGKA-KANSELA NG PARADA PARA SA KAARAWAN NG REYNA

Kaugnay ng anunsyo noong katapusan ng linggo mula sa Her Majesty the Queen, at sa kasunod na konsultasyon sa gitna ng His Excellency the Governor at ng Buckingham Palace, napagkasunduang i-kansela ang Parada para sa Kaarawan ng Reyna sa ika-21 ng Abril 2020.

Ngayong kapanahunan ng mga pagsubok, nais iparating ng mga tao sa Falkland Islands ang kanilang pagbati sa Her Majesty at naghahangad ng isang ligtas at mapayapang kaarawan. Ang His Excellency the Governor at mga Nahalal na Kasapi ay nais ring kunin ang oportunidad na ito para pasalamatan ang lahat ng mga naghahanda upang markahan ang kaganapan bukas.

MGA PAGHIHIGPIT SA BUILDING INDUSTRY

Sumang-ayon ang Executive Council noong Biyernes, sa prinsipyo, na ang aktibidad sa konstruksiyon sa Isla ay maaari ng ipagpatuloy ngayong Miyerkules, ika-22 ng Abril.

Sinabi ng Chief Executive na si Barry Rowland na ang panghuling desisyon ay mapapailalim sa resulta ng mga test swab mula sa UK na inaasahang matanggap bukas, Martes, ika-21 ng Abril.

Sinabi niya na masusing kinunsidera ng ExCo ang mga isyu, kasama ang katotohanan na wala pa ring mga kaso na naiulat sa Stanley, at ang mga bagong hakbang ay ipinakilala upang makontrol ang mga paggalaw papunta at mula sa Mount Pleasant Complex.

Ang patnubay mula sa Gobyerno (tingnan sa ibaba) ay inilabas na sa sektor patungkol sa ligtas na mga kasanayan sa pagtatrabaho para sa COVID-19 at ang pagpapanatili ng social distancing.

Sinabi ni Mr Rowland na kung ang mga patnubay ay hindi susundin, ay maaaring ibalik ang mga paghihigpit.

Ang pagbabago na ito ay mapapailalim sa pang araw-araw na pagsusuri, base sa mga test results at iba pang mga pangyayari.

Ang mga mangangalakal ng building materials ay maaaring makapag-suplay ng mga materyales para sa pagbubuo kung sinusunod nila ang mga ligtas na kasanayan sa pagtatrabaho para sa COVID-19.

Hindi kasama sa probisyon na ito ang routine servicing o improvement work para sa residensiyal o komersiyal na mga pag-aari, bagaman ang mga pagkukumpuni ay maaaring maisagawa sa isang emergency, kung ang mga naunang binanggit na mga patnubay ay sinusunod.

PAGBUBUOD NG MGA PATNUBAY PARA SA BUILDING SECTOR

Ngayong araw ay inilathala na ng Gobyerno ang mga patnubay para sa building sector sa pagpapatakbo sa ilalim ng mga kondisyon ng COVID-19.

Ang mga ito ay pambihirang mga pangyayari at ang industriya ay dapat na sumunod sa mga pinakabagong abiso mula sa Gobyerno ng Falkland Islands tungkol sa COVID-19 sa lahat ng pagkakataon.

Ang Mga Pamamaraan sa Pagpapatakbo ng Site (*Site Operating Procedures*) ay batay sa mga patnubay ng Public Health England (PHE) at mga impormasyon na ibinigay ng Falkland Islands Government Chief Medical Officer.

Sinumang magsasagwa ng mga aktibidad sa konstruksiyon sa panahon ng COVID-19 pandemic ay nangangailangan na matiyak na maprotektahan ang kanilang pinagtatrabahuhan at mabawasan ang panganib ng pagkalat ng impeksyon. Kasama dito ang pagkunsidera kung papaano babiyahe ang mga tauhan papunta at mula sa lugar ng trabaho.

Ang patnubay na ito ay inilaan upang ipakilala ang mga pare-parehong hakbang sa lahat ng uri at laki ng mga construction sites, alinsunod sa rekomendasyon ng Gobyerno sa social distancing at matiyak na sinisikap na sundin ng mga employer at mga indibidwal.

Sa mga pagkakataon na hindi posible na masunod ang mga patnubay sa social distancing sa kabuuan, na may kinalaman sa isang aktibidad, dapat na ikonsidera ng nagpapatakbo na kung ang aktibidad na iyon ay kailangang magpatuloy na gawin, at kung sa gayon, gawin ang lahat ng mga posibleng pag-iwas upang mabawasan ang panganib ng pagkakahawa.

Hindi dapat na makompromiso ang mga health and safety requirements sa kahit na anong aktibidad sa konstruksiyon sa mga panahon na ito. Kung hindi maisasagawa ng ligtas ang isang aktibidad, hindi ito dapat na gawin pa.

Ang emergency services ay mayroong limitadong mga mapagkukunan at maaring hindi agad-agad na makapag-respond ng mabilisan gaya ng dati. Dapat itong isaalang-alang sa pagpapalano ng mga aktibidad sa trabaho, paunang lunas, pagresponde sa sunog at mga emergency. Mayroon ding limitasyon sa pagkakaroon ng aeromedical evacuations.

Ang mga organisasyon ay dapat na magkaroon ng mabisang mga kaayusan para sa pagsubaybay at pag-aaral na kanilang pagsunod sa mga patnubay ng Gobyerno at industriya. Ang mga site ay dapat na magpaalala sa mga trabahador sa lahat ng pagkakataon, na ang Site Operating Procedures ay para sa kanilang proteksiyon, para sa kanilang mga katrabaho, mga kapamilya, at sa buong populasyon ng Falkland Islands.

Ang buong patnubay ay makikita sa fig.gov.fk/covid-19 sa ilalim ng *Protecting Your Workforce During COVID-19*.

Kasama dito ang:

- Kailan at Papaano Bumiyahe sa Lugar ng Trabaho
- Social Distancing
- Ano ang dapat gawin kung ang trabahador ay magkasakit
- Pagmamaneho ng mga sasakyan sa lugar ng trabaho
- Paano pangasiwaan ang mga paggalaw sa lugar ng trabaho
- Mga requirements para sa ligtas na kalinisan
- Pagpapalano ng Trabaho para maiwasan ang Malapitang Pagtatrabaho
- Pinahusay na paglilinis ng site surfaces
- Abiso para mga tradespersons na magsasagawa ng mga mahahalagang pagkukumpuni.